



Executive Director
Hilary Lopez, PhD.

Reno Housing Authority, 1525 East 9th Street, Reno, NV 89512

775.786.1712 Fax 385.770.7166 TDD

775.329.3630 RenoHA.org

**PROGRAMA NG PAGPAPAKITA NG TULONG SA PAG-UPA (RAD)
PAUNAWA NG IMPORMASYON SA RESIDENTE (RIN)
SILVERADA MANOR**

March 28, 2023

Resident Name
Address
Reno, NV 89512

Entity ID:

Mahal na Resident Name:

Iniiimbitahan ka sa isang pagpupulong ng residente para pag-usapan ang tungkol sa mga plano ng Reno Housing Authority (RHA) na i-convert ang Silverada Manor mula sa programa ng pampublikong pabahay patungo sa tulong sa pagpapauya ng Seksyon 8 sa ilalim ng Pagpapakita ng Tulong sa Pagrenta (Rental Assistance Demonstration, RAD). Ang impormasyon sa pulong ay:

Tuesday, April 4, 2023, at 10:00 a.m. in the Silverada Manor Community Room

OR

Tuesday, April 4, 2023, at 6:00 p.m. in the Silverada Manor Community Room

Ang RAD ay isang boluntaryong programa na pinapatakbo ng Kagawaran ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod ng U.S. (U.S. Department of Housing and Urban Development, HUD). Sa ilalim ng RAD, babaguhin ng HUD ang paraan ng pagbibigay ng tulong sa pag-upa sa pag-aari mula sa pampublikong pabahay patungo sa isang pangmatagalang kontrata ng tulong sa Seksyon 8. Ang programang Seksyon 8 ay gagawing mas madali para sa amin na ma-access ang pera para ayusin at pahasayin ang pag-aari, ngayon man o sa hinaharap.

Inilalarawan ng liham na ito ang mga Karapatan mo sa ilalim ng RAD at ipinapaliwanag kung paano maaaring makaapekto sa iyo ang kombersyon ng RAD.

**Lumahok man tayo o hindi sa RAD,
makakakuha ka pa rin ng tulong sa pag-upa.**

Ang Iyong Karapatan sa Impormasyon

Sa liham na ito, isinama namin ang "Attachment #1," bilang isang paglalarawan ng mga kasalukuyang plano namin para sa pag-aari. Kung makapagsumite kami ng aplikasyon sa HUD at tinanggap sa programa, magkakaroon kami ng hindi bababa sa dalawang (2) dagdag na pagpupulong para sa iyo tungkol sa aming mga plano. May karapatan kang marinig ang tungkol sa malalaking pagbabago sa mga plano para sa proyekto, at iimbitahan ka namin sa mga dagdag na pagpupulong kung magbabago ang mga pangunahing tampok ng mga

Predominantly federally funded, the RHA has provided affordable housing for qualifying residents of Washoe County for more than 75 years. We help ensure nearly 9,000 Nevadans have a safe, secure place to call home through Housing Choice Vouchers, public housing and affordable market-rate properties. RHA is a large part of the affordable housing solution in the Truckee Meadows.

Por favor contacte la Autoridad de Viviendas de Reno si usted necesita este documento traducido o si usted tiene alguna pregunta.

plano. Mayroon ka ring karapatan na mag-organisa at bumuo ng isang konseho ng residente para magsilbing boses mo at matulungan kang magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga plano ng RAD.

Ang Iyong Karapatan sa Tulong sa Pagrenta

Ang aming desisyon na lumahok sa RAD ay hindi makakaapekto sa pagiging kwalipikado mo sa tulong sa pagrenta. Hindi ka napapailalim sa bagong pagsusuri sa pagiging kwalipikado. Kung natutugunan namin ang lahat ng kinakailangan ng HUD at ang pag-aari ay inilagay sa ilalim ng kontrata ng Pagbabayad ng Tulong sa Pabahay (Housing Assistance Payment, HAP) ng Seksyon 8, mayroon kang karapatan sa patuloy na tulong sa pag-upa hangga't sumusunod ka sa mga kinakailangan ng iyong pag-upa. **Sa karamihan ng kaso, ang iyong upa ay hindi magbabago sa kombersyon mula sa pampublikong pabahay patungo sa Seksyon 8.** Sa pambihirang pangyayari na magbago ang kalkulasyon ng iyong upa (pinakakaraniwan, kapag nagbabayad ka ng "patag na upa"), ang pagtaas ay unti-unting inaayos sa paglipas ng panahon kung ang pagtaas ay higit sa 10% o \$25/buwan.

Ang Iyong Karapatan sa Tulong sa Relokasyon

Sa ilang sitwasyon, maaaring kailanganin ka naming ilipat mula sa iyong unit pansamantala para matapos ang pagkukumpuni o konstruksyon. Dahil tayo ay nasa simula palang ng proseso ng pagpapalano para sa kombersyon ng RAD, hindi pa namin alam kung kakailanganin mong lumipat. Hindi mo kailangang lumipat sa ngayon.

Kung hihilingin namin na lumipat ka, may karapatan ka sa ilang partikular na proteksyon sa relokasyon sa ilalim ng mga panuntunan ng RAD, kasama, sa lahat ng kaso, ang paunang nakasulat na abiso at detalyadong impormasyon tungkol sa paglipat. Ang iba pang partikular na mga proteksyon sa relokasyon ay nakasalalay sa sitwasyon, ngunit maaaring kabilang ang mga serbisyo ng pagpapayo, tulong sa paglipat, mga pagbabayad at iba pang tulong.

Sa ilang kaso, mayroon kang mga dagdag na karapatan sa ilalim ng iba pang mga Pederal na batas, tulad ng Pederal na Magkakaparehong Tulong sa Relokasyon (Federal Uniform Relocation Assistance) at Batas sa Patakaran sa Pagkuha ng Tunay na Pag-aari (Real Property Acquisition Policies Act), na kadalasang tinutukoy bilang "Batas sa Magkakaparehong Relokasyon (Uniform Relocation Act)." Kung nalalapat ang Batas sa Magkakaparehong Relokasyon, dapat ka naming bigyan ng "Paunawa sa Pangkalahatang Impormasyon" na tinatawag ding "GIN." Para matiyak na sumusunod kami sa Batas sa Magkakaparehong Relokasyon, isinama namin ang GIN sa liham na ito. Inilalarawan ng GIN ang mga karapatan na mayroon ka ngunit maaari ring ilarawan ang mga sitwasyong hindi angkop sa iyo.

Ang Iyong Karapatang Bumalik

Kung kailangan mong lumipat pansamantala para sa pagkukumpuni, may karapatan kang bumalik sa isang tinutulungang unit kapag tapos na ang anumang gawaing konstruksyon. Gayunpaman, maaaring kailanganin ka naming ilipat sa panahon ng pagtatayo at ang iyong bahay pagkatapos ng konstruksyon ay maaaring ibang unit kaysa sa iyong kasalukuyang tahanan. Kung ang mga plano ay nagsasangkot ng paglipat ng tulong sa pag-upa sa iba pang site, maaaring kailanganin mong lumipat sa bagong site para panatilihin ang iyong tulong sa pag-upa (sa kondisyon na ito ay nasa loob ng isang makatwirang distansya sa kasalukuyang tahanan mo), ngunit mayroon ka pa ring karapatan sa isang tinutulungang unit.

Makakabalik ka sa isang unit ng Seksyon ng RAD maliban kung pipiliin mong lumipat sa ibang lugar. Kung naniniwala kang pinipigilan ka ng mga plano na gamitin ang iyong karapatang bumalik, may karapatan kang

tumutol sa mga plano. Ang mga tuntunin ng programa ng RAD ay nangangailangan sa amin na tiyaking magagawa ito ng sinumang gustong bumalik.

Huwag Ilagay sa Panganib ang Mga Karapatan Mo!

Palagi kang malugod na tinatanggap na lumipat batay sa mga pangangailangan at personal na layunin ng sambahayan mo. Gayunpaman, kung ang pagsisikap ng RAD ay mangangailangan ng relokasyon at pipiliin mong lumipat mula sa pag-aari nang mag-isa nang hindi naghihintay ng mga tagubilin mula sa amin, maaari mong mawala ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga pagbabayad at tulong sa relokasyon.

Ang kombersyon ng RAD, at anumang relokasyon na nauugnay dito, ay dapat na ipatupad nang naayon sa patas na pabahay at mga kinakailangan sa karapatang sibil. Kung kailangan mo ng makatwirang akomodasyon dahil sa isang kapansanan, o may iba pang katanungan tungkol sa kombersyon ng RAD, mangyaring makipag-ugnayan kay mangyaring or Deputy Executive Director (775) 329-3630, na tutulong sa iyo. Kung kailangan mong iapela ang isang desisyon na ginawa namin, o kung sa tingin mo ay hindi pinoprotektahan ang iyong mga karapatan, maaari kang makipag-ugnayan sa U.S. Department of Housing and Urban Development (800) 955-2232.

Dahil tayo ay nasa napakaagang proseso, ang mga plano para sa kombersyon ng RAD ay malamang na magbago. Nagsasagawa kami ng mga pagpupulong ng residente para maibahagi ang aming mga kasalukuyang ideya at ipapaalam sa iyo ang tungkol sa malalaking pagbabago sa mga ideyang ito habang binubuo namin ang mga plano namin. Dapat mo ring ibahagi sa amin ang anumang impormasyong mayroon ka tungkol sa mga pagkukumpuni na kailangang gawin, dahil ikaw ang labis na nakakakilala sa pag-aari. Ibibigay namin ang impormasyong iyon sa mga taong tumutulong sa amin na malaman kung anong trabaho ang kailangang gawin sa pag-aari.

Umaasa kami na ang liham na ito ay nagbibigay sa iyo ng kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa mga Karapatan mo. Isinama rin namin sa liham na ito ang isang fact sheet na maaaring makatulong sa iyo na mas maunawaan ang programa ng RAD. Hinihikayat ka naming pumunta sa mga pagpupulong ng residente upang matuto nang higit pa tungkol sa kung paano makakaapekto ang kombersyon ng RAD sa iyong pag-aari at sa iyo. Kung mayroon kang karagdagang tanong tungkol sa RAD at gustong makipag-ugnayan nang direkta sa HUD, maaari kang mag-email sa rad@hud.gov.

Taos-puso,



Hilary Lopez, Ph.D.
Executive Director

Mga Kalakip: Fact Sheet #1: Mga Pangkalahatang-ideya ng RAD (RAD Overview)
Abiso sa Pangkalahatang Impormasyon (General Information Notice)
Description of Project